Humingi ng Kapatawaran(kay Allah) para sa iyo ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan? Nagsabi siya :Oo,at gayundin sa iyo;Pagkatapos ay binasa niya ang talatang ito;{ At humingi ka ng Kapatawaran sa mga kasalanan mo at sa mga Mu`minin at mga Mu`minat (Lalaki at Babaing mananampalataya}

Ayon kay `Asim bin Al-Ahwal;Buhat kay `Abdullah bin Sarjis-malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi;Nagsabi ako sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-;O Sugo ni Allah;Nawa`y Patawarin ka ni Allah,Nagsabi siya:(( At gayundin sa iyo)) Nagsabi si `Asim;Sinabi ko sa kanya: Humingi ng Kapatawaran(kay Allah) para sa iyo ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan? Nagsabi siya :Oo,at gayundin sa iyo;Pagkatapos ay binasa niya ang talatang ito;{ At humingi ka ng Kapatawaran sa mga kasalanan mo at sa mga Mu`minin at mga Mu`minat (Lalaki at Babaing mananampalataya} [Muhammad;19]

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā’īy - Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapahayag ni 'Abdullah bin Sarjis malugod si Allah sa kanya na siya ay nanalangin para sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng Kapatawaran,Ginantihan ito sa kanya ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng panalangin din nang Kapatawaran,Tinanong ni 'Asim Al-ahwal si 'Abdullah bin Sarjis- malugod si Allah sa kanya-Humingi sa iyo ng Kapatawaran (kay Allah) ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan?Nagsabi siya:Oo,at humingi din siya para sa iyo ng Kapatawaran,Pagkatapos nagpatunay ito sa sinabi ni Allah Pagkataas-taas Niya,Sa Propeta niya- pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-{At humingi ka ng Kapatawaran sa mga kasalanan mo at sa mga Mu'min at mga Mu'mināt (Mag Kalalakihan at Kababaihang mananampalataya)} [Muhammad:19]

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8262